



GERMANY 2015
39TH SESSION OF THE WORLD HERITAGE COMMITTEE
YOUNG EXPERTS FORUM

WORLD HERITAGE YOUNG EXPERTS FORUM 2015

“Towards a Sustainable Management of World Heritage Sites”
Mula ika-18 hanggang ika-29 ng Hunyo 2015, Koblenz at Bonn, Alemanya

Pagpapahayag

Kami, ang mga kalahok sa World Heritage Young Experts Forum 2015 “Towards a Sustainable Management of World Heritage Sites”, ay nagpapasalamat sa Panlabas na Opisang Pederal ng Alemanya, ang kanilang Komisyon para sa UNESCO, at ang Kagawaran ng Edukasyon, Agham, Kaalaman at Kultura ng Rhineland – Palatinate sa pagdaraos ng mahalagang kaganapang ito. Nais din po naming ipaabot ang aming pasasalamat sa tagapangulo ng World Heritage Committee sa pagbibigay ng pagkakataon sa amin upang ipaalam sa lahat ang aming mensahe, sa pagasa na kami ay pakikilingan at kikalalanin.

Bilang pag gunita sa deklarasyon ng Youth Forum sa ika-38 na pagtitipon ng World Heritage Committee sa Doha, Qatar at bilang pagsasaalang-alang sa mga banta na kinakaharap sa kasalukuyan ng mga natural at kultural na ari-arian sa mga bansang apektado ng kaguluhan at giyera, kinukumpirma namin ang partisipasyon at suporta ng kabataan sa pamamahala ng mga pamanang ito gayun na rin sa pag gawa ng mga naturang hakbang upang madala ang usaping ito sa nasyonal na lebel.

Sa aming pagkatanto na ang sustinableng pamamahala ay susi upang patuloy na mapanatili ang pagkilala at pagmamahal sa ating mga kabahaging kayamanan, nalaman namin ang kahalagahan ng parte at pagsali ng kabataan ganun na rin ang lokal na komunidad sa pamamahala ng World Heritage Sites. Ang bawat indibidwal at komunidad ay may kanya-kanyang responsibilidad sa pagsasalin ng kaalaman at karanasan at pagbuo ng malakas na samahan para sa pandaigdigang pagtutulongan.

Sa gayong dahilan, nais naming simulan ang mga sumusunod:

Naranasan naming maging mga kinatawan ng World Heritage Committee sa isang mala dula-dulaang aktibidad sa pagtitipong ito. At aming nakita na ito ay nakakaakit sa kamalayan dahil nagkaroon kami ng mas malalim na pangunawa sa mga gawain ng World Heritage Committee. Aming mungkahi sa mga bansang partido sa World Heritage Convention, palaganapin at paunlarin ang ganitong mga aktibidad para sa mga kabataan sa kani-kanilang mga bansa.

Ang pagbibigay diin sa kahalagahan ng edukasyon bilang isa sa mga matatag na sandalan ng maayos na pamamahala at pangangalaga sa mga World Heritage Sites ay nagbibigay ng lingap ng responsibilidad at pagmamahal sa pagitan ng komunidad at mga ari-ariang kanilang kinakatawan.

Kumpara sa ibang pangkat ng edad, ang mga kabataan sa ngayon ang may pinakamataas na kapasidad na intindihin at samantalain ang potensyal ng mga modernong plataporma ng pakikipag-ugnayan. Sa tingin namin, ang oras na ito ay wasto upang gumawa ng istruktura sa pagitan ng mga kabataan kung saan ay malaya silang makakapag palitan ng mga kaalaman at karanasan, at ikabit ang mabubuong sangay na ito sa sangay ng mga propesyonal.

Ang pakikibahagi ng mga lokal na komunidad at kabataan ay susi para sa sustinableng pamamahala, ang kanilang pakikibahagi ay mahalaga sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Kumbensyon. Ang pagkukusa o

pagboboluntaryo ay isang paraan upang makatulong at magparami ng mga taong hahakbang para sa sustinableng pamamahala. May ilang mga bansa na ang naging matagumpay sa paggamit ng boluntarismo sa pamamahala ng World Heritage Sites; subalit, nararamdaman namin na hindi pa nasasagad ang potensyal ng kaisipang ito.

Kaya, aming minumungkahi ang mga sumusunod:

Aming hinihiling sa mga partidong bansa na ilahok ang mga programang pang World Heritage sa pambansang edukasyon mula sa elementarya hanggang sa kolehiyo at maging sa mas mataas pang antas. Higit pa, ang mga partidong bansa ay dapat maglaan ng mga pagkakataon sa pandaigdigang pag-aaral ng World Heritage sa pamamagitan ng mga iskolarship.

Aming hinihimok ang World Heritage Committee na suportahan ang mga gawain ng mga kabataan kaugnay sa World Heritage. Ang suporta ng World Heritage Committee ay magdaragdag sa patuloy pang lumalagong kaalaman at kayamanan ng naturang mga plataporma. Makatutulong ng husto sa mga kabataang eksperto sa pamamahala kung ang mga partidong bansa ay maglalaan ng mga katulad na pagtitipon sa mga pambansang ahensya upang mas mainam na maisagawa ang kanilang mga layunin.

Aming muling hinihimok ang mga partidong bansa na magtaguyod ng mga mekanismo at pamamaraan upang magkaroon ng pormal at ganap na kinatawan ang kabataan sa mga Pambansang Komisyon ng UNESCO. Ang pagkamasigasig at pagkamalikhain ng kabataan ay makatutulong upang matugunan ang mga isyu ukol sa sustinableng pamamahala na nababanggit sa pagpapahayag na ito.

Aming hinihiling sa World Heritage Committee na himukin ang mga partidong bansa na isali sa pagpapalano at pamamahala ang mga lokal na komunidad gayun na rin ang kabataan.

Kami, bilang mga kabataang eksperto ay masigasig na nilalahok ang aming mga sarili, kami ay makikipagtulungan ukol sa mga tanong at mga isyu patungkol sa amin.

Maraming salamat po.